
1

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan – Modyul 8: Kapaligiran Ko; Aalagaan Ko



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ika-apat na Markahan – Modyul 08: Kapaligiran Ko; Aalagaan Ko**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Angelina D. Bayaua
**Editors:** Marilou L Buizon, Roselily M. Esteban, Orange R. Culang
**Tagasuri:** Perfecta M Bautista,Elizabeth R Berdadero, Fidel B Manaligod, Jenelyn B Butac, Miraflor B Mariano
**Tagaguhit:** John David D. Hernandez
**Tagalapat:** Elizabeth R Berdadero, Ian Agustin, Marjorie D Pilon , Roselily M. Esteban, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan – Modyul 8: Kapaligiran Ko; Aalagaan Ko

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Buhay

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

> **Mga Tala para sa Guro**
>
> Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kapaligiran Ko; Aalagaan Ko. Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.
7.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga nararapat o wastong pag-uugali at gawaing nakatutulong at nakasasama sa kapaligirang ating ginagalawan.


Matutunan mo sa modyul na ito kung gaano pahalagahan at pangalagaan ang ating kapaligiran na maari mong maibahagi sa iyong kamag-aral, kaibigan o sa iyong kapwa.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Naisasagawa ang iba't ibang pamamaraan ng pangangalaga ng kapaligirang ginagalawan sa tahanan, paaralan at komunidad.

## Subukin


Panuto: Lagyan ng tsek ( / ) ang mga gawain na nakabubuti sa ating kapaligirang ginagalawan at ekis ( x ) kung hindi.




1. _______



2. _______



3. _______



4. _______




5. _______

| Modyul 3 | Kapaligiran Ko; Aalagaan Ko |
|---|---|

May mga iba't ibang pamamaraan ng pangangalaga sa ating kapaligirang ginagalawan. Ang mga ito ay nakatutulong o nakabubuti sa ating tahanan, paaralan at sa ating kapaligiran.

## Balikan

Panuto: Kulayan ang larawan na nagpapakita ng magandang gawi sa paaralan.





Larawan A

Larawan
B





Larawan C

Larawan D



# *Tuklasin*

Ano-ano kaya ang mga dapat gawin sa mga basura? Basahin ang kuwento para malaman ang kasagutan sa katanungan .

Si Making Matulungin
Ni: Angelina D. Bayaua

Araw ng Sabado, napansin ni Maki na naglilinis ng bakuran ang kanyang tatay. Nagtatanim naman ng halaman ang kanyang nanay at ang kanilang mga kapitbahay ay abala sa paglilinis ng kani-kaniyang bakuran." Araw pala ng *YCAP* ng purok namin ngayon, tutulong din ako para maging malinis ang aming paligid," sambit nito sa sarili.

Nakita niyang inilalagay ng kanyang tatay sa *compost heap* ang mga dahon at damo. Ang mga plastik, bote, papel, lata at iba pang basura ay pinaghihiwalay nito. "Tatay, bakit kailangan mo pang paghiwalayin ang mga iyan, pare-pareho naman pong basura 'yan eh," tanong ni Maki habang tumutulong sa ama. " Anak, ang mga iba dito ay pwede pang pakinabangan." sagot ng tatay. " Nakita mo ba ang mga dahon at damo na inilagay ko sa *compost heap*? ang mga iyon ay magiging pataba kapag ang mga ito ay nabulok na, ang mga bote, plastik, papel at lata naman ay ibebenta natin para i-*recycle* at magamit muli.

Sa ganitong paraan ay mababawasan ang ating basura at nakatutulong pa tayo sa ating kalikasan.”ang paliwanag ng ama. “Ganyan din ang itinuturo ng aming guro sa paaralan, pinaghihiwalay namin ang nabubulok na basura sa di- nabubulok, tinuturuan din kaming magtipid ng kuryente at tubig.” “Ang mga YES-O officers sa aming paaralan ang nangunguna sa mga gawaing iyan,”dagdag pa ni Maki. “Alam mo naman pala nagtatanong ka pa.” sabay kamot ng ulo ang ama.”Tinesting ko lang kayo tatay kung alam ninyo ang isasagot sa tanong ko.” pabirong sabi ni Maki sa nakangiting ama.

## Suriin

Tungkulin nating pangalagaan ang ating kapaligiran. Maglinis tayo sa ating paligid. Magtanim tayo ng mga halaman at mga puno. Ang mga puno ay nakapagbibigay sa atin ng malinis na hangin. Huwag nating sirain ang kalikasang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

Magtapon tayo ng basura sa tamang tapunan o lugar. Paghiwalayin ang mga nabubulok sa di-nabubulok. Ang mga nabubulok ay ibaon sa lupa para maging pataba. May mga di- nabubulok naman na mapapakinabangan at pwedeng ibenta gaya ng bote, plastik, dyaryo at lata. Ang mga ito ay pwede ring i-*recycle* o gamiting muli sa ibang pamamaraan.

Ugaliin din nating magtipid ng tubig at kuryente. Tanggalin sa saksakan ang ilaw, gripo, *electric fan*, telebisyon at iba pang kagamitang de-kuryente pagkatapos gamitin.

# *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Sagutin ang mga tanong . Bilugan ang tamang titik ng iyong sagot.

1. Ano ang pwedeng gawin sa mga basurang nabubulok?

a. Ibaon sa lupa b. I-*recycle* c. Ibenta


2. Alin sa mga pagpipilian ang maaring ibenta, i-*recycle* o maaring gamitin sa ibang paraan?

a. bulok na prutas b. plastik /bote c. dahon


3. Alin sa mga pagpipilian ang wala ng pakinabang na uri ng basura?

a. napkin /diaper b. balat ng sitsirya c. lata/gulong


**B. Panuto:** Iguhit ang masayang mukha(☺)kung ang larawan ay nagpapakita ng gawain na dapat ginagawa sa tahanan, paaralan at sa komunidad at malungkot na mukha (☹) naman kung hindi.




1. _____



2. _____




3._____





4. _____


**C. Panuto:** Ang mga larawan sa ibaba ay iba't ibang klase ng basura na nakikita sa ating paligid. Isulat ang N kung ang mga bagay o larawan ay nabubulok at DN kung ang mga ito ay Di-nabubulok.


1. _____ 



2. _____ 


3. _____ 

4. _____ 

5. _ 

6. _ 

7. _ 

8. _ 



# Isaisip

Panuto: Piliin sa kahon ang tamang sagot. Isulat ang tamang salita sa bawat patlang.

| | | |
|---|---|---|
| nabubulok | magtipid | kapaligiran |

Tungkulin ng bawat isa na pangalagaan ang ating ____________________. Maglinis tayo sa ating paligid. Magtanim tayo ng mga puno. Magtapon tayo ng basura sa tamang tapunan.

Paghiwalayin ang ____________________ sa di nabubulok. Ugaliing __________________ ng tubig at kuryente. Ang mga ito ay dapat nating gawin sa ating tahanan, paaralan at kapaligirang ating ginagalawan.

## Isagawa

Panuto: Tukuyin ang tamang gawain sa mga sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Ang Youth for Environment Organization (YES-O) ng inyong paaralan ay magsasagawa ng "*Tree Planting Activity*". Ano ang dapat gawin?

a. Hindi makikisali dahil hindi naman importante
b. Makikisali dahil may puntos ito sa guro.

c. Makikisali at manghihikayat pa ng mga kamag-aral para sumali.

_____2. Nakita mong magtatapon ng patay na baboy sa ilog ang inyong kapitbahay. Ano ang dapat gawin?

a. Pabayaan lang siya

b. Pagsasabihan at sabihing ibaon na lang ito sa lupa

c. Katayin na lamang ito

_____3. Pagkatapos kumain sa parke, iniwan na lang ng mga bata ang mga pinagkainan. Ano ang dapat gawin?

a. Isumbong sa guwardiya o tagabantay sa parke

b. Kunin ang mga kalat at itapon sa tamang basurahan

c. Tawagin at pabalikin ang mga bata para itapon ang basura nila.

## *Tayahin*

Panuto: Isulat ang Tama kung ang sitwasyon ay gawaing nakabubuti sa ating kapaligiran at Mali kung ito ay nakasasama.

_______1. Nagtatapon ng basura sa ilog.

_______2. Ibinebenta ang mga bote, papel at lata sa *junkshop.*

_______3. Ang pinagbalatan ng saging ay itinapon sa daanan.

_______4. Hindi pinitas ni Vince ang bulaklak dahil nabasa niyang ipinagbabawal ito.

_______5. Sinaway ni Angelo ang mga batang nagsusulat sa pader ng kanilang paaralan.

# Karagdagang Gawain

Panuto: Gumuhit ng tatlong paraan na nagpapakita ng pangangalaga sa ating kapaligirang ginagalawan sa ating tahanan, sa ating paaralan at sa ating kapaligiran.

Tahanan

Paaralan

Kapaligiran

# Susi sa Pagwawawasto

**Subukin:**

1. /
2. X
3. /
4.
5. /
6. X

**Balikan:**

**Pagyamanin:**

A. 1. a
2. b
3. a

B. 1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

C.

| | |
|---|---|
| 1. D | 5. DN |
| 2. N | 6. N |
| 3. N | 7. DN |
| 4. DN | 8. DN |

| Isaisip: | Isagawa: | Tayahin: |
|---|---|---|
| 1. Kapaligiran | 1. C | 1. Mali |
| 2. nabubulok | 2. B | 2. Tama |
| 3. magtipid | 3. B | 3. Mali |
| | | 4. Tama |
| | | 5. Tama |

Karagdagang Gawain:
Sa tahanan:
Posibleng sagot: paghuhugas ng pinggan
Sa paaralan:
Posibleng sagot;
Pagwawalis sa sahig
Sa Kapaligiran:
Pagtatanim ng puno

# *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1

Antonio, Eleanor D.. et. al (2017). *Kayamanan, Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan 1*. Sampaloc, Manila: Rex Book Store, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources
(DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph